Filipino


Australian Government

NATIONAL CERVICAL SCREENING PROGRAM


A joint Australian, State and Territory Government Program

# Pagsusuri ng Matris– paano ang pagkuha ng sarili mong sampol

Ang Pagsusuri ng Matris tuwing 5 taon ay tutulong sa iyo na manatiling malusog, para sa **iyong sariliat sa iyong pamilya.**




1. Bibigyan ka ng iyong doktor o nars ng self-collection swab (swab para sa sariling pagkuha ng sampol) at maglalaan ng pribadong lugar para sa iyo.




2. Hugasan at patuyuin ang iyong mga kamay. Tingnan ang self-collection swab. Ang isang dulo ng swab ay para hawakan mo at ang kabilang dulo ay para sa pagkuha ng iyong sampol.




3. Pumuwesto nang komportable at hubarin ang iyong damit mula sa baywang pababa at hubarin ang iyong salawal, Maaari mong panatilihing suot ang iba mo pang damit.




4. Pihitin ang takip at alisin ang swab mula sa pakete. Huwag hipuin ang dulo na para sa pagkuha ng sampol.




5. Ipasok ang swab nang ilang sentimetro sa loob ng iyong ari (vagina). Maaaring may guhit o marka ang swab para ipakita kung hanggang saan ito maipapasok.




6. Dahan-dahang iikot ang swab nang 10-30 segundo. Hindi ito masakit, pero maaaring hindi ito maging komportable.



7. Alisin ang swab mula sa iyong ari at ilagay itong muli sa pakete. Tiyaking walang madadampi sa dulo na ipinasok sa iyong ari.



8. Magbihis ka at muling maghugas ng iyong mga kamay.



9. Ibalik ang self-collection swab sa iyong doktor o nars. Ang mga resulta ng pagsusuri ay ipadadala sa iyong doktor o nars.

Kung ikaw ay may anumang mga tanong o sa palagay mo ay may nagawa kang hindi tama, makipag-usap sa iyong doktor o nars. Maaari mo ring:

- bisitahin ang health.gov.au/NCSP-multicultural para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri ng matris
- tumawag sa **1800 627 701**
- tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **13 14 50** para kumuha ng tulong sa inyong wika.